

Valley Transportation Authority

# *TALAAN NG IMPORMASYON: Real Estate*

## Pagpapaunlad na Nakatuon sa Transit sa Great Mall Station

### Pangkalahatang Ideya

Ang Transit-Oriented Development site sa Great Mall Station ay isang 4 na ektaryang ari-arian na matatagpuan sa kanto ng Great Mall Parkway at Fairlane Drive sa Milpitas, California. Sa kasalukuyan, ito ay nagsisilbing park-and-ride na lote para sa mga pasahero ng light-rail ng VTA. Dating sentro ng bus transit ang site na ito hanggang sa pagbubukas ng kalapit na bus bays ng Milpitas Transit Center noong 2020.

Nakipagtuwang ang VTA sa East Bay Asian Local Development Corporation (EBALDC), isang nonprofit na developer, upang magtayo ng hanggang 400 naunit ng abot-kayang pabahay, kasama na ang 85 naunit ng abot-kayang pabahay para sa senior, sa tatlong yugto sa buong site. Magtutuon ang ikalawang yugto sa partikular na sa abot-kayang pabahay para sa mga senior. Isasama rin sa proyekto ang sentrong pangkabataan, sentro para sa pangangalaga sa bata, at isang napapanahong transit plaza na may mga iba't ibang amenity na pampubliko.

### Transit-Oriented Development

Nakikipagtulungan ang Programa ng VTA na Transit-Oriented Development sa munisipyo, non-profit, at mga pribadong katuwang upang humikayat ng pagpapaunlad ng pabahay, komersyal, at mga sentro ng trabaho sa mga lugar na tutulong sa pagdami ng mga sumasakay sa transit at mag-aambag sa sigla ng komunidad. Kasama sa mga kinakailangan ng Transit-Oriented Development ng VTA na dapat na abot-kaya ang 25% ng pabahay sa partikular na site.

### Mga Layunin

- Ihanda ang site para sa Transit-Oriented Development sa hinaharap, sisimulan sa pakikipag-ugnayan ng komunidad
- Gumanyak ng pagpapaunlad, kasama na ang mga oportunidad sa abot-kayang pabahay na malapit sa transportasyon
- Magsulong ng disenyo ng urban na magpapahusay sa pagiging madaling lakaran ng mga tao, madaanan ng bisikleta, at nakakonekta sa transit

### Mga Resulta

- Mataas na pangmatagalang kita para sa mga pagpapatakbo ng transit
- Pabahay at mga trabaho malapit sa mga sentro ng transit
- Mas malinis na hangin at mas mababang pagbuga ng greenhouse gas
- Pagpapagaan ng daloy ng trapiko
- Pagdami ng mga sumasakay sa pampublikong transit
- Mga byahe na hindi gaanong umaasa sa indibidwal na sasakyan




### Mga Benepisyo ng Transit Oriented Development

- Matutugunan ang Pangangailangan sa Pabahay - Nakakatulong na matugunan ang panrehiyong krisis sa pabahay
- Mga Benepisyong Pangkapaligiran at Pampublikong Kalusugan
- Bawas na Pagkaumaasa sa Sasakyan - Binabawasan ng mga TOD ang pagiging umaasa sa sasakyan at mas mababang pangangailangan sa paradahan
- Pang-ekonomiyang Pakikipagsabayan - kaakit-akit sa mga employer ang mga lugar ng TOD
- Mga Benepisyong Pampiskalya at Pampamayanan - Pwedeng makagawa ng malaking katipiran sa sambahayan ang TOD (mas kaunti ang gastos sa transportasyon ng mga nakatira malapit sa transit)

### Iskedyul ng Proyekto/Development

| | |
|---|---|
| Mga Kailangang Asikasuhin Bago ang Pagpapaunlad | 2024 – 2025 |
| Napiling Developer | 2025 |
| Station Access Study | 2024 – 2025 |
| Developer na Pinipino ang Proyekto sa pamamagitan ng Opinyon ng Komunidad | 2025 – 2027 |
| Pagpopondo at mga Permit ng Lungsod | 2026 – 2028 |
| Konstruksyon | 2028 – 2030 |

### Paano Makikipag-ugnayan sa Amin

**Community Outreach ng VTA**
(408) 321-7575, (408) 321-2330 TTY

***www.vta.org/greatmalldevelopment***
***community.outreach@vta.org***

greatmallTOD-TAG-112425